Republika ng Pilipinas
Tanggapan ng Pangulo

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

KAISAHAN KAUNLARAN KARUNUNGAN 25

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16- 20
Serye 2016

PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN PARA SA "PAMBANSANG KONGRESO SA INTELEKTUWALISASYON NG FILIPINO"

SAPAGKAT, iniaatas ng Batas Republika Blg. 7104 na mandato ng KWF na hikayatin at palaganapin, sa pamamagitan ng sistema ng mga insentibo, ang mga grant at gawad, ang pagsusulat at publikasyon—sa Filipino at ibang mga wika ng Filipinas—ng mga akdang orihinal, kabilang ang mga teksbuk at sangguniang materyales sa iba't ibang disiplina;

SAPAGKAT, iniaatas pa ng naturang batas sa KWF na tawagan ang alinmang kagawaran, kawanihan, opisina, ahensiya, o alinmang kasangkapan ng Pamahalaan, o alinmang pribadong entidad, institusyon, o organisasyon para sa kooperasyon at tulong sa pagtupad ng mga gawain, tungkulin, at pananagutan nitó;

IPINAPASIYA, gaya ng ginagawang pagpapasiya ngayon, na pagtibayin ang "Pambansang Kongreso sa Intelektuwalisasyon ng Filipino" na tatlong araw na talakayan hinggil sa napapanahong usaping pangwika at pagbuo ng mga hakbang para sa paggamit ng wikang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa batayang antas at antas tersiyarya, lalong-lalo na sa matataas na disiplina tulad ng agham, matematika, ekonomiks, at medisina;

IPINAPASIYA sa wakas, na maglalaan ang KWF ng pondong PHP2,054,114 para sa pagpapatupad ng proyektong ito.

PINAGTIBAY ng Kalupunan ng mga Komisyoner ngayong 22 Hunyo 2016 sa Las Casas Filipinas de Acuzar, Bagac, Bataan.

KOM. VIRGILIO S. ALMARIO, NA
Tagapangulo

KOM. PURIFICACION DELIMA
Kagawad

KOM. LORNA E. FLORES
Kagawad

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO TINANGGAP -20 Petsa: 7/05/16 Oras: 11:05

KAPASIYAHAN NG KALUPUNAN NG MGA KOMISYONER BLG. 16- 20
Serye 2016

KOM. ABDON M. BALDE JR.
Kagawad

KOM. JOHN E. BARRIOS
Kagawad

KOM. JIMMY B. FONG
Kagawad

KOM. JERRY B. GRACIO
Kagawad

KOM. MA. CRISANTA N. FLORES
Kagawad

KOM. LUCENA P. SAMSON
Kagawad

KOM. ABRAHAM P. SAKILI
Kagawad

KOM. HOPE S. YU
Kagawad